PAGSUGPO SA LAHAT NG ANYO NG ESPIRITUWAL NA KETONG

Ika-6 na Linggo sa Karaniwang Panahon ● Pebrero 12, 2012

Mga Pagbasa

* **Lev 13:1-2.44-46 –** Ilang mga tuntunin upang maiwasan ang paglaganap ng sakit na ketong
* **1 Cor 10:31-11:1 –** Sa pagtulad ni Pablo kay Kristo siya'y naging huwaran ng buong pamayanan.
* **Mc 1:40-45 –** Sa pamamagitan ng pagpapagaling sa isang ketongin, naghari si Hesus sa puso ng mga tao.

Paunang Salita

Higit pa sa ating panahon ngayon, ang pagkakaroon ng ketong noong panahon ni Hesus ay isang kalunus-lunos na pagtatakwil ng lipunan. Ang mga ketong ay sapilitang itinitira sa malayo, halos wala nang pag-asa, at nagtitiis ng matinding paghihirap habang nakikita nila ang patuloy na pagkaagnas ng kanilang katawan.

Ito'y nabago nang dumating si Hesus. Salungat sa kaugalian noon, napalalapit niya ang mga ketongin; hinahawakan pa nga niya at pinagagaling ang katawan at kaluluwa. Pinagkalooban niya ang kanyang mga alagad ng kapangyarihan at pinagbilinang tularan ang kanyang ginawa.

Marami ang uri ng sakit na "ketong" sa ating lipunan: pisikal na ketong, mga kapansanan, pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot, pagdarahop, at kamangmangan. Nakagawian na ng mga taong umiwas sa mga kaawa-awang biktima ng ganitong uri ng "ketong." Sa gayon, ang mga kaawa-awang biktima ay halos masadlak sa kawalan ng pag-asa. Bilang mga Kristiyano, tayo ay inaasahang magpakita sa ganitong mga "ketongin" ng pagmamahal na tulad ng ipinakita ni Hesus sa mga ketongin ng kanyang panahon.

UNANG PAGBASA
• Lev 13:1-2.44-46

Balangkas

* **1-2.44 –**Ang ketong at ang pagkilala rito ng mga saserdote
* **45-46 –** Paghihiwalay ng isang ketongin sa pamayanan

Kaligirang Pangkasaysayan

Ang ketong ay pangkaraniwan noong sinaunang panahon. Ito ay karaniwang pinaniniwalaang walang lunas lalo't kung ito'y malala na. Ang kadalasang paniwala ay: kaparusahan ang ketong sa isang mabigat na kasalanan. Sa ganitong paninindigan, dala na rin ng nakapandidiring kaanyuan ng karamdamang ito, ang dinapuan nito ay ipinalalagay na "marumi" (hindi nararapat na sumali sa pagsambang pangmadla). Dahil pinaniniwalaang nakahahawa ang ketong, ang ketongin ay ibinubukod o tuwirang itinataboy sa pamayanan ng kahit sariling kaanak.

Panimula

Itinuturo ng pagbasa sa araw na ito kung paanong ang pamayanan ng mga Israelita, sa tagubilin mismo ng Panginoon, ay nag-ingat na makaiwas sa nakahahawang sakit. Dahil sa tunay na hindi magandang kalagayang pangkalusugan at kakulangan ng kagamitang medikal nang panahong iyon, ang pagbubukod o pagtataboy ay siyang ipanalagay na tanging paraan upang mapangalagaan ang kapakanan ng iba pa sa pamayanan.

Levitico 13:1-2.44-46

1 Sinabi ng Panginoon kina *Moises* at Aaron,
2 "Kung ang balat ninuman ay magbago ng kulay, mamaga o kaya'y magkaroon ng singaw na parang ketong, dadalhin siya kay Aaron o sa mga anak niyang saserdote. 44 Ituturing siyang marumi at di ito dapat kaligtaang ipahayag ng saserdote.
45 "Ang may ketong ay dapat magsuot ng sirang damit, hindi magsusuklay, tatakpan ang kanyang nguso at laging sisigaw ng 'Marumi!

Marumi!' [46] Hanggang may sugat, siya'y itituring na marumi at sa labas ng kampamento mamamahay na mag-isa."

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ano ang aking saloobin sa taong dinapuan ng walang-lunas o nakapandidiring sakit?
2. Gaano ko pinahahalagahan ang aking kalusugan?
   Paano ko ipinakikita sa Panginoon ang aking pasasalamat sa aking mabuting kalusugan?
3. Paano ang aking asal kapag ako'y may karamdaman?

IKA-2 PAGBASA • 1 Cor 10:31-11:1

Kaligirang Pangkasaysayan

Katulad ng para sa Ikalawang Pagbasa noong nakaraang Linggo, p. 3.

Panimula

Sa huling bahagi ng kanyang liham sa mga taga-Corinto tungkol sa mga moral na bagay, sumulat si San Pablo ng isang maikli at kapuna-punang buod na ating mababasa sa sipi ngayon. Kapuri-puri ang konseptong gagawin ang lahat mailigtas lamang ang nakararami hangga't maaari – isang konseptong natagpuan na natin sa siping binasa noong nakaraang Linggo. *(Sangguniin 1 Cor 9:22.)*

1 Corinto 10:31-11:1

Mga kapatid:

10: [31] Kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos. [32] Huwag kayong maging sanhi ng pagkakasala ninuman – ng mga Judio, ng mga Griego, o mga kaanib sa Simbahan ng Diyos. [33] Ang sinisikap ko nama'y mabigyang kasiyahan ang lahat ng tao sa bawat ginagawa ko; hindi ko hinahanap ang sarili kong kapakanan kundi ang kapakanan ng marami, upang maligtas sila.

11: [1] Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.

MABUTING BALITA • Mc 1:40-45

Balangkas

*** 40-42–** Pinagaling ni Hesus ang isang ketongin.
*** 43-44–** Ang kanyang mga tagubilin sa lalaki
*** 45 –** Mga reaksiyon sa himala

Kaligirang Pangkasaysayan

Kaaalis palamang ni Hesus sa Capernaum at kasalukuyang nagtuturo ng Ebanghelyo sa mga kalapit-bayan nang mabalita sa buong lugar na siya ay naghihimala. Kaya naman, sinusundan siya ng mga maysakit.

Panimula

Ang pagbasa ngayon ay tuwirang karugtong ng pagbasa ng sipi ng nakaraang Linggo. Binibigyan-pansin pa rin nito ang pagsisikap ni Hesus na ilihim ang kanyang pagkatao bilang Mesiyas *(ihambing ang t. 34 noong nakaraang Linggo sa t. 44 ngayon)*. Ang bago sa ating sipi ay ang pagbanggit sa pagkahabag ni Hesus sa kalagayan ng ketongin at sa kanyang di-pangkaraniwang pakikitungo sa kaawa-awang tao: sa halip na iwasan, iniabot ni Hesus ang kanyang mapagpalang kamay at siya'y hinawakan.

Marcos 1:40-45

Noong panahong iyon, [40] may isang ketonging lumapit kay Hesus, nanikluhod at nagmakaawa: "Kung ibig po ninyo'y mapagagaling ninyo ako." [41] Nahabag si Hesus at hinipo siya, sabay ang wika, "Ibig ko. Gumaling ka!" [42] Noon di'y nawala ang ketong at gumaling ang tao.

[43] Pinaalis siya agad ni Hesus [44] matapos ang ganitong mahigpit na bilin: "Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay pasuri ka sa saserdote. Pagkatapos, maghandog ka ayon sa iniutos ni Moises, upang patunayan sa mga tao na ikaw ay magaling na."

[45] Ngunit umalis siya at bagkus ipinamalita ang nangyari, anupa't hindi na hayagang makapasok ng bayan si Hesus. Naroon na lamang siya sa labas, sa mga ilang na pook, at doon pinagsasadya ng mga tao buhat sa iba't ibang dako.

Sa Ganap na Pag-unawa sa Sipi

1. Ano ang ginawa ng ketongin habang siya'y papalapit kay Hesus?
2. Ano ang unang sinabi ni Hesus sa kanya?
3. Ano ang kanyang idinagdag?
4. Sinunod ba ng lalaki ang tagubilin ni Hesus?
5. Ano ang naging bunga nito?

Pagtuklas sa Mensahe

1. Anu-anong katangian ang makikita sa ketongin?
2. Ano ang saloobin ni Hesus sa ketongin?
3. Bakit inutusan ni Hesus ang dating ketongin na huwag ipagsabi ang paggaling nito?
4. Tama ba ang pagbabawal ni Hesus sa ketonging pinagaling niya? Bakit o bakit hindi?
6. Ano ang kahulugang espirituwal ng himalang ito?

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ang akin bang pananampalataya ay kasintatag ng sa ketongin sa Ebanghelyo ngayon?
2. Sabik ba ako na mapalaya sa aking mga kasalanan tulad ng kasabikan ng ketonging gumaling sa kanyang karamdaman?
3. Gaano ko kaingat na pinaglalabanan ang kasalanan at ang mga pagkakataong nagdadala sa akin dito?

PAGNINILAY

Ang AIDS ay siyang kilabot ng napakaraming tao ngayon. Ang mga taong dinapuan nito ay kadalasang iniiwasan at isinusumpa sa pag-iisa. Ang pagtakwil na ito ng lipunan ay nagdudulot ng higit na pait sa paghihirap ng pasyenteng may AIDS. Gugustuhin ninuman na sana ang nakatatakot na sakit na ito'y di kailanman umiral.

Noong panahon ni Hesus, ang ketong ang sukdulang kasawiang-palad na maaaring dumapo sa isang tao; ito ang AIDS ng mga panahong iyon. Samantalang ang ibang uri ng mga pasyente ay kinaaawaan at inaalagaan, ang mga ketongin ay iniiwasan maging ng kanilang mga kamag-anak. Pinagbabawalan silang lumapit sa isang malusog na tao. Kung subukin nila itong gawin, sila ay itinataboy at binabato… Sila ay kinailangang manirahan sa mga kuweba at banging malayo sa tirahan ng ibang tao, hiwalay sa anumang uri ng buhay lipunan. *(Sangguniin ang Unang Pagbasa ngayon.)*

Impiyerno ang kahulugan ng ketong sa buhay na ito. Kahila-hilakbot ang anyo ng isang taong may malala nang ketong. Umiiwas ang mga taong tumingin sa kanila.

Si Hesus ay hindi tumulad sa namamayaning pagtingin sa mga ketongin. Naparito siya para sa mga maysakit at sa mga itinakwil, at siya ay nanatiling tapat sa kanyang misyon. Kahit na ang sukdulang itinakwil – ang ketongin, ay lumapit sa kanya, hindi siya umiwas o natakot. Hindi lamang niya tinanggap sila, bagkus, kanya pang "iniunat ang kanyang kamay at hinipo sila." *(Sangguniin ang Ebanghelyo ngayon.)* ***Ang mahabaging pag-ibig na naramdaman ni Hesus para sa lalaking itinampok sa Ebanghelyo ngayon ay nangibabaw sa pandidiri sa mga sugat sa mga braso at paa ng ketongin.*** Salamat sa kanila, isang tao ang napagaling. Isang tao ang naligtas. At siya at ang lahat ng iba ay nagbigay-puri sa Diyos.

Ang ketong ay hindi na laganap at kinatatakutan sa ating panahon. Ang makabagong medisina ay marami nang nagawa upang ito ay masugpo. Subalit ibang uri ng ketong, yaong ketong na espiritwal na ang tawag ay kasalanan, ay naririto pa sa atin. Ito ay nakaaapekto hindi lamang sa iilan kundi sa lahat ng tao. Ang bunga nito sa atin ay higit na mapaminsala kaysa ketong o AIDS.

Nakagugulat man at nakalulungkot —marami ay mistulang walang kaalaman dito at sa masamang dulot nito. Ang iba naman ay hayagang tumatanggi sa katotohanan ng kasalanan na binibigyan nila ito ng ibang pangalan na mistulang katanggap-tanggap. Si Papa Pio XII ay nagsabi na ang ***isa sa mga trahedya ng ating kapanahunan ngayon ay ang pagkawala ng "kahulugan ng kasalanan." Subalit ang di pagbibigay kahalagahan o pagtanggi dito ay hindi humahadlang sa pagkalat nito o sa mga nakasisirang dulot nito; sa halip, lalo nitong pinalalala ang mga bagay-bagay.*** Ito ang mapanlinlang na pamamaraan ng demonyo.

Sino ang makapagliligtas sa atin sa gayong salot? Walang maidudulot na panlunas ang pagsulong sa agham at teknolohiya. Tanging si Hesus lamang. ***Iisa lamang ang pag-asa nating mga ketonging espirituwal ng ating panahon: si HESUS.*** Ang tanging panlunas ay ang kanyang mahabaging PAG-IBIG. Ang pakumbaba nating panalangin ay iyong nasa Ebanghelyo ngayon: "Kung ibig po ninyo'y mapagagaling ninyo ako." *(Mc 1:40)*

Lunes • San 1:1-11 • Mc 8:11-13

"Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok, sapagkat alam ninyo na lalong magiging matatag ang inyong pananampalataya matapos ninyong pagtagumpayan ang mga pagsubok na iyan. At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang." *(San 1:2-4)*

Martes • San 1:12-18 • Mc 8:14-21

"Bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim." *(San 1:17)*

Miyerkules • San 1:19-27 • Mc 8:22-26

"Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili." *(San 1:22-25)*

Huwebes • San 2:1-9 • Mc 8:27-33

Mula noon ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao'y dapat magbata ng maraming hirap. Siya'y itatakwil ng matatanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba at ipapapatay. Ngunit sa ikatlong araw, muli siyang mabubuhay. *(Mc 8:31)*

Biyernes • San 2:14-24.26 • Mc 8:34-9:1

"Ano nga ang mapapala ng isang tao, makamtan man niya ang buong daigdig kung ang katumbas naman nito'y ang kanyang buhay? Ano ang maibabayad ng tao para mabalik sa kanya ang kanyang buhay?" *(Mc 8:36-37)*

Sabado • San 3:1-10 • Mc 9:2-13

Pagkaraan ng anim na araw, umakyat si Hesus sa isang mataas na bundok. Wala siyang isinama kundi sina Pedro, Santiago at Juan. Samantalang sila'y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus. *(Mc 9:2-3)*

Sino itong tinatawag na Hesus? Ano ang ginawa niya? Basahin at alamin ang tungkol sa buhay niyang kahali-halina.



WHO IS THIS MAN CALLED JESUS

* **Tampok ang magagandang larawang-guhit at sipi ng Banal na Kasulatan.**

Mabibili sa—

- ***"Word & Life Religious Bookstore,"***
- **mga tindahan ng mga relihiyosong babasahin, at**
- **mga sangay ng *National Book Store***